

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

MEETING OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE WITH EMERGING INFECTIOUS DISEASES EXPERTS ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[26 December 2020]

PRESIDENT RODRIGO DUTERTE: This meeting is called to order.

This is the Task Force that we created to confront the virus COVID-19. And what is sad is that there seems to be a new strain or a mutation --- alam ko alam ninyo 'yan, you know better than I do --- that poses another danger.

Si Sakur Tan nga sa Jolo is asking for a Navy blockade because there seems to be a new strain or a copy of that strain it has reached Singapore, then nagdududa siya na may bagong strain. They were told.

We would like to just read the statement prepared so that we would shorten the proceedings tonight.

The provincial government of Sulu has called the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) for assistance following reports that the new strain of the Coronavirus 2019 or COVID-19 has been detected in Sabah, Malaysia.

Sulu Governor Abdusakur Tan on Friday told the Manila Times that he had instructed his staff to consult the Task Force on how best to handle the emerging situation.

Sabah is less than 24 --- 29 hours by boat from the Sulu archipelago. We have a porous coastlines and a vast Sulu Sea between us and Sabah, and [only] the national government is equipped with the capacity and logistics to put in place and in operation, safeguards and preemptive measures called for, Tan said.

The Sulu Task Force COVID-19 is calling on the public not to panic and to heed advisories from official sources. With our frontline partners, we will intensify our monitoring and utilize all material and human resources at our disposal to assure our constituents, [as] we reiterate our call to them to avoid speculations and spread [of] fake and harmful mongering, the governor said.

lyon akin dito, there is sentence here which says, "we all..." I'm not the only one. I'm sure everybody --- "cut short his Christmas break in Davao City to discuss with health experts a new COVID strain that supposedly originated in the United Kingdom".

lyon na lang hindi na 'yung iba. Anyway, we are the --- salient points there. The narratives that we will hear today is actually --- there is a new COVID-19 strain from the United Kingdom.

If it is a COVID-19 new, ah walang nag-iba dito unless there is a mutation or a variant of that COVID-19. Ganoon ang pagkasalita niyan.

Now, you know prudence tells us that we should confront this emerging infectious disease --- ano talaga...

We... I have allowed kasi the face-to-face classes as pilot projects all over the country. With the new strain, true or not, maybe it's true because it's being validated in Germany and South Africa, UK, eh 'yung order ko noon kay Briones that she can... *[Where is Secretary Briones?]* If she is here, I'm calling back the order and I will not allow face-to-face classes of children until we are through with this.

We have to, I said, we have to know the nature of the germ that we are confronting. Wala pa tayong alam and I cannot take the risk of allowing the children. That would be a disaster actually. So mindful of that: I am cancelling the order I gave a few days ago --- a few weeks ago --- to Secretary Briones of the Education Department to suspend everything, all activities of children, especially 'yung face-to-face classes.

We know only little of how this mutation took place, the new variant. So we would like to call on the experts to give us at least something to work on kung sakali mayroon.

Can I call the experts, medical experts, who can maybe give light to us of what we are confronting or fighting? Dra. --- Dr. Marissa M. Alejandria. She's a member of the Technical Advisory Group of COVID-19. *[Is she here?]*

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Mr. President...

PRESIDENT DUTERTE: Yes.

SEC. DUQUE: Mr. President, with your permission, we have prepared a consolidated report coming from our experts. But before that, I will make the presentation, Mr. President, perhaps the questions can be answered by our experts whom we have invited.

But with your permission, Mr. President, can I just --- can I just have the honor of acknowledging the following experts?

Dr. Marissa Alejandria, member, Technical Advisory Group for COVID-19; Dr. Marc Edsel Ayes, the Laboratory Manager of the UP Philippine Genome Center. *[He's over there.];* Dr. Celia Carlos, Director of the RITM; Dr. Alethea De Guzman from the DOH Epidemiology Bureau; Dr. Enrique Domingo, the Director General of the FDA; Dr. Nina

Gloriani, head, Vaccine Development Expert Panel and Professor UP College of Public Health;

Dr. Teodoro “Ted” Herbosa, special adviser, NTF Against COVID-19; Dr. Jaime Montoya, Executive Director, DOST-Philippine Council for Health Research and Development; Dr. Anna Lisa T. Ong-Lim, member, TAG group for COVID-19; Dr. Cynthia Saloma, Executive Director, UP Philippine Genome Center; Dr. Mario M. Panaligan, Immediate Past President, Philippine Society for Microbiology and Infectious Diseases and Vice President, Philippine College of Physicians; Dr. Camilo Roa Jr., Pulmonary Medicine, Manila Doctors Hospital; Dr. Edsel Salvana, member, Technical Advisory Group for COVID-19; Dr. Rontgene Solante, chairman, Adult Infectious Disease and Tropical Medicine, San Lazaro Hospital; Dr. Socorro D. Escalante, coordinator, Acting World Health Organization Country Representative; and Dr. Troy Gepte, Public Health Epidemiologist and Consultant, Senate Committee on Health.

Again, Mr. President, we are appreciative of the presence of our various medical experts at a very short notice. And again, can I begin with my presentation, Mr. President?

PRESIDENT DUTERTE: Yes, just a few. If I may suggest...

SEC. DUQUE: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Since we are talking of a --- an invasion actually, of a new microbes, kindly tell the --- us how we could prevent it from entering the country if at all we can.

Mahirap ‘yan but somebody should tell us whether we should close the borders or close the entire country, that’s one. And the second is what medical interventions can we make to fight this deadly virus. So it’s yours...

SEC. DUQUE: Yes, sir. Thank you, sir. I’ll have a short presentation, Mr. President.

Again, thank you, Mr. President, sa lahat po ng ating mga eksperto na pinaunlakan ang atin pong imbitasyon. I would like to share a brief situationer sa sinasabing new variant of SARS-CoV-2 na naitala mula sa UK.

Ang paunang aksyon dito ng inyo pong IATF at mga karagdagang rekomendasyon mula sa DOH alinsunod sa payo ng atin pong mga eksperto. Ito po, ang new variant ng SARS-

COVID-2 ay --- na naitala sa United Kingdom ay sinasabing mas madaling makahawa at mabilis raw po nitong napapalitan ang predominant na strain na COVID sa Southeast Region ng UK at iba pa pong mga parte nito.

Sa UK sa ngayon ay lima hanggang sampung porsyento ng lahat ng COVID-19 specimens ay sumasailalim po sa genetic sequencing upang matukoy ang saktong strain or variant.

Sa Kent, South England ang average na sequencing coverage ay nasa four percent. Ang unang kaso na natukoy mula sa bagong variant ay noong September 20 pa.

Base sa December 13 report, nasa 1,108 na indibidwal sa England ang may COVID hango sa variant na ito.

Ayon sa mga pag-aaral sa loob ng laboratories, ang bagong mutation ay nakadagdag sa kakayanan ng virus na maka-infect ng human and animal cells. Current evidence suggests 70 percent higher transmissibility o mas mabilis na panghahawa nito.

Ngunit wala pa pong indikasyon na ang virus na ito ay nagdudulot nang mas malubhang karamdaman at maaapektuhan nito ang pagtalab ng bagong bakuna kontra COVID.

Sa ngayon, higit sa apatnapung bansa na ang nag-impose ng temporary travel restrictions until December 31 para sa mga pasahero na nagmula sa UK.

[Next slide, please.]

Dahil sa inaasahang pagtaas ng mga kaso ngayong Kapaskuhan, minabuti na ng IATF na magdoble ingat at magrekomenda ng temporary travel restrictions. Alinsunod po sa IATF Resolution No. 90 na inyo pong inaprubahan noong Disyembre 23 na siyang --- lahat nang paglipad o biyahe galing sa UK ay pansamantala munang sususpendihin mula ika-24 hangga't ika-31 ng Disyembre.

Kabilang sa mga hindi makakapasok sa bansa ang lahat ng mga biyahero na nanggaling o nagdaan sa UK sa nakalipas na 14 araw. Para naman sa mga nasa biyahe na at dumating sa Pilipinas bago alas dose a-uno ng December 24, sila ay dinala po sa Clark

upang tapusin ang 14-day quarantine period ano pa man ang resulta ng kanilang RT-PCR. Ang detalye sa susunod na slide po.

Nakapagkasunduan din ang IATF na balikan at araling muli ang naturang travel restrictions bago mag-lapse ang effectivity period kaugnay na rin ang bagong risk classification na pag-uusapan po at irerekomendang muli sa inyo pong tanggapan, mahal na Pangulo.

Ito po 'yung new quarantine --- community quarantine status covering the period January 1 to 31st.

[Next slide po.]

Ito naman po ay galing sa kay Kalihim Vince Dizon. At dito po, makikita po sa mga larawan sa kanan ang protocols sa kanilang pagdating. Ito po 'yung mga galing UK o dumaan ng UK na dumating po.

Sila ay inihwalay sa ibang mga pasahero at pina-swab, prinoseso din sila ng ating immigration para ma-confirm kung sila ay mula o dumaan sa UK. Pagkatapos nito, inihatid po sila sa New Clark City para doon tapusin ang 14-day quarantine. Ang kanilang mga swab samples ay ipadadala rin sa RITM and Philippine Genome Center para sa karagdagang pagsusuri.

Ayon sa NTF report mula December 22 to 25, umabot na po sa 79 na pasahero mula UK ang dumating sa bansa; 72 ang dumating sa NAIA; habang pito ang dumating naman po via Clark. Sa 79 na nagmula po sa UK, dalawa rito ang bumalik na sa UK samantalang 77 ang nanatili dito sa Pilipinas.

Base sa report kahapon po, 59 na ang mayroon ng test results kung saan 53 ang negative ngunit may isa pong nagpositibo sa COVID at inaantabayanan natin ang 23 na natitirang resulta.

Pero 'yung testing po nito, Mr. President, hindi po nangangahulugan na ito na po 'yung new variant dahil magsasagawa pa po ng pagsusuri ang atin pong mga eksperto mula sa Philippine Genome Center.

[Next slide, please.]

Base sa mga ulat na kinalap ng WHO mula ika-28 ng Agosto hanggang ika-23 ng Disyembre, may 12 bansa sa Western Pacific Region ang nagtala ng mga imported na kaso mula sa UK. Kabilang po rito ang Hong Kong, China, Singapore, New Zealand, Korea, Japan, Malaysia, Solomon Islands, Vietnam, Australia, Taiwan, and Cambodia.

Sa mga ito, tatlong bansa ang nakapagtala ng mga kaso bago sa --- base po sa bagong variant. Sa Australia ay may apat na kaso na na natuklasan habang naka-quarantine.

Sa Hong Kong ay may dalawang kaso, dalawang estudyante na edad 14 at 17. Sa Singapore naman po ay may isang kaso. Isa ring estudyante na 17 taong gulang. Sa Japan na na-detect ang new variant sa limang biyahero mula sa UK.

Samantalang wala pang kaso mula sa new variant ang naitala sa Pilipinas. Ngunit nais ko pong tukuyin ang limitasyon ng datos na ito. Ito ay mula sa mga official sites lamang kung saan ang datos ay patuloy na nagbabago o inaayos dahil sa ongoing case investigations. Mayroon ding mga naitalang imported na kaso na hindi matukoy ang pinanggalingan.

Ang atin pong recommendation --- *[Next slide, please.]* Ito po ang aming rekomendasyon, Ginoong Pangulo, habang nadaragdagan ang mga bansang nag-uulat ng detection ng UK new variant, nirerekomenda po ng DOH kasama ng mga eksperto ng TAG o Technical Advisory Group ng ating IATF at ng World Health Organization na sa mga manggagaling sa mga bansang may kumpirmadong new variant, gawing mandatory ang pagtapos ng 14-day quarantine period sa New Clark City. Ang protocol na ito ay gaya na ng ipinatupad ngayon para sa mga biyaherong dumating bago mag-alas dose a-uno, umaga ng December 24.

Ikonsidera lamang ang travel ban, Mr. President, kung nasa lebel na ng community transmission ang new variant sa naturang bansa. Lahat din ng specimens galing sa mga biyahero sa UK ay dapat pong maipadala sa PGC upang sumailalim sa genomic sequencing.

Ito naman ang ating additional action points, ilan na lang po ito, matatapos na. Ito naman po ang karagdagang complimentary action points na naitatag na rin noong nakalipas na IATF para sa lahat ng atin pong international travelers:

patuloy na pagpapatupad ng BOQ, Bureau of Quarantine, at OWWA sa quarantine at testing protocols para po sa mga papasok sa ating bansa. Sila din ay naatasang magsumite ng line list at i-endorso ang mga international travelers na papasok sa iba't ibang LGUs.

Ang DILG at LGUs naman po ay sisiguraduhin na magtatapos ng mga ini-endorsong biyahero ang kanilang 14-day quarantine sa temporary treatment and monitoring facilities o sa kanilang tahanan.

[Next slide.]

Kinakailangan din nating palakasin ang ating kapasidad for biogenomic surveillance at i-institutionalize as a comprehensive system integrated with the current influenza-like illness and severe acute respiratory infection surveillance.

Kinakailangan din bigyan ng sapat na kakayanan ang ating mga subnational laboratories gaya ng RITM upang magsagawa ng biobanking o ang pagkolekta at pag-imbak ng samples para sa mga kakailanganing pag-aaral. Ang surveillance systems na ito ay importante din po sa ating pag-monitor ng vaccine effectiveness.

Para naman sa mga agarang aksyon, ang inyo pong DOH ay tutulong sa pag-identify ng mga samples na isusumite sa PGC para sa kanilang pagsusuri. Agad rin magre-report ito ng mga areas or population groups na nakitaan ng clustering at community transmission para sa gayon ay agad na makapag-conduct ng biosurveillance ang RITM, ang PGC at ang National Institutes for Health.

Ang RITM, PGC at NIH naman ay magko-conduct ng purposive sampling as part of biosurveillance kung saan uunahin ang mga samples na nakuha sa buwan ng Nobyembre at Disyembre.

Samantalang ang RITM ay naatasang mag-develop ng standard operating procedures, response protocol bilang paghahanda sa mga posibleng bagong variants at strains ng virus.

Para po magampanan ang mga tungkulin na ito, Mr. President, amin pong nire-review ang resources na ating kakailanganin at tayo po ay magsu-sumite ng request for additional budget kung kinakailangan.

So ang mga key insights or messages na lang po, nais ko pong ibahagi sa ating lahat po dito at nanggaling po sa ating mga eksperto: Una, sa paglitaw ng bagong variant na ito, mas dapat po nating paigtingin ang pagsunod sa minimum public health standards. Napaka-imporante po nitong MPHS – ang paghuhugas ng kamay, cough etiquette, pagsuot ng mask at face shield, pagdistansya ng isang metro o higit pa at panigurado na maayos ang bentilasyon or air circulation sa pagprotekta laban sa COVID-19.

Hindi lamang po tayo mapoprotektahan ng minimum public health standards sa kasalukuyang variant bagkus ang MPHS po ay kinikilalang epektibo sa kahit anong mutation or variant ng virus na ito.

At para maiwasana ang pag-mutate ng virus, kinakailangan nating mapanatiling mababa ang mga kaso sa bansa. Kung mas kaunti ang mga taong nai-infect, mas mababa rin po ang tsansa na mag-mutate ang virus.

Ikalawa, kailangan natin patuloy na pagtibayin ang kumpiyansa ng publiko sa bakuna. Dahil sa paglabas ng bagong variant, mas nagiging inclusive at equitable ang vaccine efforts sa buong mundo kaya naman dapat natin sabayan ito ng increased vaccine confidence.

Kailangan natin maging transparent sa mga efforts to secure our vaccines. Kailangan natin magbigay ng regular na updates para maiparating sa publiko na atin talagang sinisigurado na ang mga bakuna na ating pipiliin ay safe and effective.

At ito po ay gagawin natin gamit ang nagkakaisang boses ng gobyerno sa ilalim po ng inyong administrasyon. Maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: We're interested to hear from General Galvez the steps they have taken so far to, I said, confront this new virus.

PRESIDENTIAL ADVISER ON PEACE PROCESS AND NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER CARLITO GALVEZ JR.: Sir, at the NTF we have already coordinated with our response team and we will ano we will intensify our surveillance in the different airports.

We already informed Cebu City Airport and they were being instructed by Secretary Vince on isolating the different passengers from UK. And also all ano, all airports have been coordinated with DOTr, particularly with Ochie Tuazon, we have been coordinating with Secretary Tugade.

And with the information on the ano, the Sulu area and also in Sulu, Basilan, BASULTA area, we will --- we will ano, we will coordinate with the military through Secretary Del on how we could help the Sulu and also in Tawi-Tawi so that the intrusion of the possible -- - possible cases be prevented.

And also we forwarded already the letter of the Sulu governor to the IATF and also to DFA so that they can also arrange with Sabah and also with our post in Malaysia, sir.

PRESIDENT DUTERTE: You know, General Galvez, what is very important in that area is really the control of the entry of --- of people. Whether or not they have --- they have in their bodies already the virus, that's another thing. Ang kailangan natin ikontrol 'yung borders natin.

And maybe General Lorenzana might be able to harness the assets of the Philippine Navy, additional, our patrol ships.

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Yes, Mr. President. We will also ban the movement of people from Sabah to Sulu. And then we will enforce the blockade of people trying to break the blockade, sir.

PRESIDENT DUTERTE: So ito ang gusto kong ma --- maitanong sa mga experts: How many mutations is possible from this COVID-19? If it can mutate and produce another variant, how many do you think this is --- this virus is capable of mutations?

Kasi maghahabol tayo dito so we just to know --- we want to know kung paano natin i --- how to really increase our surveillance dito sa baong mutation. And I said how many can this COVID-19 produce variants and mutation over time? Can somebody answer the question?

SEC. DUQUE: Mr. President, may we recognize Dr. Cynthia Palmes-Saloma, the Executive Director of the UP Philippine Genome Center. Madame, you have the floor.

DR. CYNTHIA PALMES-SALOMA: Hello po, Mr. President. So far worldwide, mga 12,000 na po na mga sequence changes ang nangyari po sa 30,000 bases na genome nitong virus. Hindi naman po lahat ng mga mutations nagko-cause ng bad effects. Mayroon naman pong okay o hindi.

Ito lang po 'yung bagong variant, kasi po nag-occur siya sa spike protein na nagko-contact sa receptor ng human kaya medyo concerned po siya.

So, Mr. President, if we want to track the mutations in the Philippines, kailangan po beyond RT-PCR testing, kailangan po natin ng whole genome sequencing na 'yan po 'yung gagawin namin together with RITM and the Department of Health.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Well, I'm glad to know that there is an agency or body that takes care of it, just in case.

Ang pangalawa, is there a need for us to prepare against --- make preparations against this new strain? Ano ang puwede? If they are, for example, passengers coming in from UK, from other places not necessarily taking the airlines from UK but others.

Papaano ito? Same control ang gagawin natin? Kay kung palabas na sila, there are those going home for the vacations for the season, dumaan muna ng ibang lugar but galing UK.

And how do we know what steps are we taking to determine these guys who are potential carriers of the new strain of COVID-19? Iyong hindi galing sa ano. People taking flights directly from UK to the Philippines, wala 'yan. So we have banned it.

But for others who are from UK or working and passing to other places and taking flights not necessarily airlines from the British territory but 'yung pauwi na, dumaan lang, nagbakasyon. Iyan ang...

SEC. DUQUE: We can ask our epidemiology bureau, Dr. Alethea De Guzman, for our answer.

DRA. ALETHEA DE GUZMAN (DOH EPIDEMIOLOGY BUREAU): Mr. President, good evening po. So tama po kayo sir 'no. We can --- we should protect not just from the flights that are coming from UK, but there should be a system in place na saan po talaga siya nanggaling whether dumaan man siya ng UK tapos nag-lay over siya somewhere.

Pero ultimately, dapat po 'pag may history of travel siya sa UK in the past 14 days, ito po 'yung mga nililimita or hindi po muna natin papasukin sa Pilipinas. So probably the Bureau of Immigration kasi makikita po nila 'yung stamp doon po sa dokumento.

At dito po 'yung samp --- tama po kayo 'no --- kailangan palakasin 'yung ano natin eh ports of entry na border control. So through BI, from BOQ para malaman at malimit ang pagpasok at kung makapasok po, mayroon tayong sistema para po ma-screen lahat ng papasok po sa atin.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you.

Dr. De Guzman: Thank you rin, sir.

DOJ SECRETARY MENARDO GUEVARRA: Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Go ahead, yes.

SEC. GUEVARRA: Mr. President, according to the Bureau of Immigration, apart from flights coming directly from the United Kingdom, ang karamihan daw po ay mga flights ng United Arab Emirates. In other words, nanggagaling po sa bandang Middle East na nagta-transit sa --- or --- na dumaraan doon sa mga lugar na 'yon or transiting in the United Kingdom.

Pagdating po dito sa ating mga paliparan, ang first line of defense po ay, according to the Bureau of Immigration, ay ang paghawak ng Philippine Coast Guard para po ma-segregate 'yung mga hindi naman dumaan sa mga areas nga like the UK na possibly

infected at hinihiwalay na po sila. At dini-determine po kung sino ang kailangan na ma-quarantine at hindi. At ang last line of defense po ay ang Bureau of Immigration.

Ang deputy commissioner po ng Immigration ay present dito sa meeting na ito. Baka maaari po siyang magdagdag ng additional information or measures that have been taken by the Bureau of Immigration.

Deputy Commissioner Alegre is here and he may wish to add something to the measures taken when these foreign passengers arrive in our country.

PRESIDENT DUTERTE: Ito lang naman. Itanong ko lang. Do you have the sufficient manpower to do that because we have terminated so many, we dismissed so many employees of the Bureau of Immigration? Halos parang 'yung ano nila wala ng...

You know, the reason really is there would be a lot of questions asked before these passengers can be cleared. So they would have to trace from where they came from, whether they stopped over in other areas before finally taking a flight to the Philippines.

Ang gusto ko malaman kung may tao ka kasi we have terminated what? So many.

SEC. GUEVARRA: Yes, sir. Ganoon nga po ang ginagawa ng Bureau of Immigration dito sa mga foreign arrivals na 'to. They check the passports kung saan pong mga lugar nanggaling o nag-transit, at by interview also --- by intensive interview.

Going back to your question, Mr. President, we have the sufficient manpower at the Bureau of Immigration. Yes, it's true na marami na po tayong sinuspend at may mga naalis na po. Pero iyon po ay immediately pinalitan ng Bureau of Immigration from the main office at from other regional offices ng Bureau of Immigration who have sufficient training also in dealing with foreign passenger arrivals.

Kaya hindi naman po masyadong problema ang manpower sa Bureau of Immigration dahil napalitan naman po 'yung mga naalis at sa kasalukuyan po ay hindi naman masyadong heavy ang passenger traffic sa ating mga paliparan kaya po naa-address naman po ng Bureau of Immigration ang kanilang manpower situation.

PRESIDENT DUTERTE: Pero it's good riddance that we --- it took place during the time of a crisis like this because there is less people traveling unless otherwise the holidays are not really maybe attractive to other people.

We... I forgot the numbers that --- the numbers of your immigration people manning the desks there at the airport. We terminated how many? Forty-two, I think?

SEC. GUEVARRA: I think more than that po, Mr. President, including those who were suspended. More than 80 if I remember correctly. Probably about a hundred now, including --- I mean those who were dismissed and those who were suspended, Mr. President.

But mayroon pa naman pong available manpower coming from the other offices and regional offices ng Bureau of Immigration na puwede naman pong ilagay sa ating Manila terminals.

PRESIDENT DUTERTE: You can, if need be, you can always maybe take in newcomers from the other agencies or you can increase the number by just asking people especially those --- lalo na 'yung gusto kong ipalit 'yung mga first grade eligibles sa 'yung natanggal sa --- natanggal, na-dismiss doon dahil sa "Pastillas". Marami 'yon. Eventually, it will reach a hundred siguro when the investigation is over.

But 'yung preliminary actions natin, medyo na-ano lang ako. But I now follow your trend of work that this time there is less travel and people --- take care of people. But there will be so many questions asked. Malaki ang pila diyan kung ganoon.

Well, anyway, it's a blessing in disguise that there are less people to attend to dito sa Immigration table. Secretary Duque, do you have a --- an office --- an office or agency under you working also on this --- other from UP --- working to find a vaccine? Is there a --- people there?

SEC. DUQUE: Mr. President, if I may, vaccine-wise there's a process. The DOST ang nangunguna po, lead agency, sa vaccine development together with the vaccine expert panel and the Single Joint Ethics Review Board and the FDA.

So mayroon po tayo pagdating po sa pagtukoy ng mga bakuna that will be the most effective, safest and of ensured quality, Mr. President. So mayroon po tayong --- mayroon po tayong mga opisina.

PRESIDENT DUTERTE: The Philippines can produce a vaccine on our own well made or manufactured out of the brainwork of people who are Filipinos. I think UP is one and DOST is working on it.

SEC. DUQUE: And the RITM, Mr. President, is also one of the best positions to collaborate with the other government agencies for a vaccine self-sufficiency goal in the --- in the near- to medium- term, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Pardon me if I remove my mask. I cannot --- I cannot pronounce the words properly, this thing is bothering me. Pagpasensiya na kayo. Wala --- hindi naman siguro --- walang hulihan naman dito. *[laughter]*

Well, there is --- no one is above the law. When it says that you are violating a certain regulation, ang problema hindi ako makapagsalita ng --- I seem to --- stammered ang bunganga ko. Well, most important thing really is to --- iyong surveillance that we are able to identify persons coming in not only from UK but from other places like Australia, mayroon na din doon, Singapore has another cases. And what is horrifying is the statement of the medical world, ng mga experts says that it can mutate very rapidly. Kaya nakakatakot eh. So if --- if --- we have to believe them because that is their --- they are the one equipped with the expertise.

So mas mabuti 'yung maniwala tayo and if it's contaminating people at a very fast rate, magkakaroon talaga tayo ng problema. So we have to increase the surveillance and of course itong quarantine kung Pilipino ang umuwi.

And I hope that it would not reach the shores of the Philippines 'yung --- 'yung variant na 'yan. Otherwise, we are in trouble because we'll just have to wait for the Western world to study and come up with solutions.

Tayo dito ano lang, we just wait and --- wait and --- wait-and-see attitude. Wala naman tayong magawa.

SEC. DUQUE: Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Oh, yes.

SEC. DUQUE: I would just like to underscore the fact that we are not defenseless. Hindi naman po parang wala tayong laban kahit na makapasok po 'yan. Hopefully hindi makapasok pero kung makapasok naman po siya, Mr. President, please be reassured that the mechanisms, the systems, the policies are already all in place.

And what do I mean by this? We have the five strategic pillars that we have been implementing since nine, 10 months ago, and these are the prevention, using our Bida Solusyon of the DOH; Bida May Disiplina ng DILG; Seven Commandments of the DOTr; the Angat Ingat of the PCOO. And we have been drilling down relentlessly to all the communities about the importance of prevent --- preventive measures.

Number two, sir, is the early detection. The key is early detection so that we will force to all admissions of severe and critical cases, ano po. And we have already observed that the clinical management of severe to critical cases has tremendously improved over time.

And --- and that's kudos to our doctors, our clinicians, they've really improved their craft and saving lives is now what is being observed. And then kasama po sa ating early detection is active case findings, the contact tracing, testing. Our testing now is --- has increased tremendously and we have to date, tested 6.2 million Filipinos. That's about close to six percent testing coverage.

And then the aggressive isolation and quarantine, this is already in place, Mr. President. And the treatment, our hospitals have improved tremendously as I have indicated earlier. And the preparations for the new normal that has to be embraced by the local government units and in their respective communities.

But, by and large, we have made some great strides in our pandemic response. But it's far from being perfect but the results as we can see today, we have greater than almost 93 percent recovery rate. We have maintained our --- our relatively low active cases and the many gains that we have accomplished over the past several months, and we intend to build further on these gains.

And so even with the threat of new variants being confronted or rather confronting nations and we are no exception. Ang sabi nga po nila it's not a question kung darating dito --- it is going to perhaps really reach the shores --- but it's a question of when. But again, all of the systems are in place, Mr. President. So we hope that we can manage this, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: You know, if --- if true that there is a variant new, and it is now wreaking havoc on the lives of people --- one of the countries, I think, that has imposed a lockdown again is France. Kaya gusto kong malaman sa inyo kung magdating dito, are we going to impose another lockdown until we find out what we can do?

From the medical --- we invited guests. Can somebody...? So that we can prepare actually. I'm asking --- I'm making some projections. I hope that it would not really reach the Philippines. I pray and I hope. But I said we make some projections. Eh sabi mo it's not a matter of whether or not it would reach the Philippines, it will, until we decide to close the country. But that is not possible.

And so now kung magdating itong put --- itong bagong variant dito, we --- can we go back to the --- should we go back to the lockdowns again? Yeah, General Galvez what do you say?

